

Ipagdiwang  
Natin si  
**Inay**





## Programa

Pagtatanghal.....	2
Mga aktibidad .....	3-4
Palamuti .....	5-6
Mga Parirala.....	7-8
Gawaing-kamay.....	11-12
Mga Tula.....	13-15
Mga paraan ng pagluluto.....	16
Sermon.....	17-18
Programa.....	18





## Pagtatanghal

Isang kagalakan sa aking magbahagi sa inyo ng ilang ideya upang isagawa ang pagdiriwang ninyo ng Araw ng mga Ina. Sama-sama nating aayusin ang katangi-tangi at mga maingat na piniling sandali upang parangalan ang ating mga ina.

Maghahanda tayo upang ipagdiwang ang mga ina; napakainam na dahilan upang makipagtulungan kasama ang aming pangkat sa: mga drama, katangi-tanging kaganapan kasama ang mga bata, pagpapalamuti sa gusali ng iglesiya, pag-iipon ng pondo, atbp.

Tamasahin ang mga serye ng ideyang ito upang magkaroon ka ng isang panimulang punto para sa mga pinakamalikhaing aktibidad sa inyong iglesiya at kasama ang iyong mga anak.

Anumang komento at kwento. Huwag kalimutang ipaalam sa amin! Magiging isang pagpapalang makilala ka at matuto mula sa iyo.

Maligayang Araw ng mga Ina Inay!


*Mavet*

Mavet  
María Verónica Toj  
Children are Important  
Los Niños Cuentan  
mavet@losninoscuentan.com  
Facebook: Ovejamavet





## Mga aktibidad



\* Maglagay ng isang malikhaing pangalan sa iyong aktibidad: Reyna ng Kasiyahan, Pinaka-cute na Bulaklak, Super Mom, atbp.

\*Palamutian ang lahat ng bagay ng ginintuang bituin. Maaaring gabi ito ng mga bituin.

\* Kapag pumapasok sa inyong aktibidad, tratuhin silang parang reyna, na may mga korona ng maningning na papel upang sulatan ng kanilang mga pangalan. Maaari ring gawa sa plastik at iuwi sila sa tahanan.

\* Sa huli ay maaari mo silang bigyan ng isa napakamakulay na diploma at isang gantimpala para sa lahat ng lumahok. Sa mga pinakamainam na ngiti, pinakamatalino, pinakanakakatuwa, pinakamapagmahal, pinakamahusay na kasama na naimbitahan sa kasiyahan, atbp.

\* Pagtulog ng mga kababaihan. Isang ideya na pagsasaluhan ng mga anak na babae at mga ina. Bawat anak na babae ay sasama sa kanyang ina upang makilahok sa lubhang masasayang aktibidad, at sa huli ay matutulog sa mga sakong tulugan. Kung wala roon ang kanilang mga ina, maaari nilang imbitahan ang kanilang tita, kaibigan, atbp.

-Maaaring kabilang sa iyong programa ang: apoy sa kampo, manikyur, mga maskara, mga pelikula, mga meryenda, mga anekdota, mga paligsahan sa pag-awit (karaoke), atbp.

-Maaari ka ring magpapaligsahan ng: damit pantulog, tsinelas, ayos ng buhok, mga magkatulad ang damit, atbp. Ang hapunan ay maaari ring maging isang katangi-tangi at detalyadong sandali para sa kanila.

-Huwag kalimutan ang isang usapang pandebosyon sa mga ina at anak na babae. Ang pagtatapos ay maaaring maging isang napakakatangi-taning almusal, bumubukang-liwayway sa Araw ng mga Ina.

\* Maaari kang magsagawa ng litratuhan kung saan magsusuot ang mga anak ng isang bagay na katangian ng kanilang ina. Higit na kamukha ito ng kanilang ina, lalo rin itong nakakatuwa



\* Gumawa ng mga papel na kurbata para sa mga bata, hayaan ang mga batang palamutian sila at maghintay sa pintuan para sa pagdating ng kanilang mga inay, gaya ng mga tunay na ginoong naghihintay sa reyna.

\* Maaari mong isaayos na dumating ang mga batang nakademit nang kagaya o katulad ng kanilang mga ina.

\* Ihanda at ensayuhin kasama ang mga bata, magulang at ibang miyembro ng pamilya ang mga katangi-tanging punto gaya ng mga tula, patimpalak, eksibisyon ng mga guhit, laro, atbp. upang makilahok sa pamilya.

\* Sorpresahin si Inay gamit ang isang miyural ng pinakamaiinam niyang larawan.

\* Ipaliwanag ang isang Bulwagan ng Kabantugan o Paglakad ng mga Bituin sa isang bahagi ng gusali ng iglesia gamit ang mga larawan o bituin na may buong pangalan ng bawat ina.


\* Huwag kalimutan ang mga bata na hindi kasama ang mga ina o yaong namatay na. (Isang sandali ng katahimikan, isang katangi-tanging lugar na tinatawag na Langit, na may mga larawan o guhit ng mga ulap o bituin. Isang katangi-tanging punto upang magkaroon ng patotoo mula sa isang babaeng mahalaga sa buhay ng isang bata.)

\* Huwag kalimutan ang asawa ng inyong Pastor sa iglesia.

\* Parangalan ng bulaklak ang pinakamatandang ina sa iglesia, ang inang may pinakamaraming anak, atbp.

\* Ilang araw bago ito ay maaaring magrekord gamit ang isang payak na kamera ng mga pagbati ng mga bata at ipalabas sila sa mismong pagdiriwang.

\* Nangolekta kami sa isang okasyon ng malalaking kahon at pinalamutihan sila bilang mga regalo sa ibabaw ng entablado. Sinabihan namin ang mga ina na ang mga bata sa nursery ay may sorpresa. Binuksan ang mga kahon nang naroon ang mga bata na may mga papel na puso sa kanilang kamay at bumibigkas ng isang tula.





## Palamuti



\* Maaari kang lumikha sa isang blankong papel ng mga disenyo ng 'Bag' upang palamutian ang bawat upuang upuan ng mga ina.

\* Maglagay ng makukulay na laso o isang koronang gawa sa gintong papel sa likod ng bawat upuan.

\* Laging mabuting kasangkapang pampalamuti ang mga lobo. Pagsamahin ang mga kulay at ilagay sila sa isang katangi-tanging paraan. Isang mungkahi ay ang hugis-bulaklak na gawa sa mga lobo.



## Bulaklak na gawa sa mga Lobo

Palobohin ang isang mahabang lobong may ninanais na kulay hanggang sa dulo, at magpalabas ng kaunting hangin upang maging malambot ito. Ang ideya ay ang ipakitang ganap na napalobo ang lobo, ngunit kung pipindutin sa dalawang gilid ay mahahawakan mo ang iyong mga daliri nang walang suliranin. Itali ang leeg ng napalobong lobo sa kabilang dulo upang makabuo ng isang singsing.

Hatiin ang singsing sa tatlong magkakapantay na bahagi. Pihitin at doblehin ang bawat ikatlo. Hawakan ang ikatlong bahagi upang makabuo ng 'Z'.

Ngayon ay may tatlong maliliit na singsing at sila'y magkakadugtong. Hawakan ang bawat dulo ng 'Z' (puntong A at B) at itulak ang gitna. Ngayon mga gitnang bahagi ng mga 'tsoriso' (puntong C) mula sa mga 'tuktok' ng talulot.

Pagkatapos ay pihitin upang pagdugtongin ang mga talulot. Ang bahaging ito ay kumplikado nang kaunti, dapat puwersahin natin nang kaunti ang lobo. Kaya ang mga pulupot ay nakatago, at magkakaroon tayo ng anim na maayos na talulot.

Para sa tangkay, magpalobo ng isang berdeng lobo, natutuping 260 o 160 at ipasok ang isang makinis na dulo (hindi ang buko) sa pamamagitan ng gitna ng mga talulot (lumalagos ito mula sa isang gilid patungo sa gitna).

Hatiin ang natitirang berdeng lobo sa tatlo, at tupiin sila upang makabuo ng isang 'Z'.

Kunin nang minsanan ang tatlong sanga, at pihitin sa gitna.

Bubuo ito ng dalawang dahon at isang tangkay.

Ngayon, ilagay ang bulaklak sa isang magandang paso!

## \* *Mga nakasabit na Puso*

Ang mga sumusunod ang kakailangananin mo:

- Mga karton sa kulay na gusto mo
- Mga gunting
- Mga hulmahang puso
- Mga panulat
- Mga sinulid-pangisda

Gamitin ang hulmahang puso at gumuhit ng iba't ibang hugis gamit ang panulat. Gupitin at hatiin sila. Gamitin ang mga tumpak na hugis, gayan ng mga gilid ng nagupit na pigura.

Sa katapusan, dapat lang nating padaanin ang mga nagupit na puso sa sinulid-pangisda sa isang patayong linya, magkapatong. Kung nais nating makagawa ng isang magandang kalalabasan, maaari nating paghalilihin ang mga sukat at kulay ng mga puso upang gawin itong mapalamuti.

\* Maaari kang gumamit ng mga bandilang gawa sa tela ayon sa mga piniling kulay o lahat ng kulay.






## Mga Parirala:

- Pagdating sa salitang pag-ibig, 'Inay' ang wastong salita. Anonimo
- Naiintindihan ng isang ina kung ano ang hindi sinasabi ng isang anak. Hudyong Kawikaan
- Ang isang ina ay isang taong kapag nakitang may apat lamang na pirasong keyk para sa limang tao, ay agad na magsasabing ayaw niya ng keyk. Tenneva Jordan
- May nagtanong sa isang batang babae kung saan ang kanyang tahanan, sagot niya, 'kung nasaan ang ina ko.' Keith L. Brooks
- Para sa tainga ng isang bata, 'ina' ang salitang mahika sa bawat wika. Arlene Benedicto XVI
- Isa sa pinakamalaking pangangailangan ng tao ay ang pagkakaroon ng isang taong magtatanong sa iyo kung 'nasaan ka?' kapag hindi ka nakauwi sa gabi. Margaret Mead
- Laging dapat mag-isip nang dalawang beses ang isang ina, isa para sa kanyang sarili at isa para sa kanyang anak, para sa kanyang sarili at sa kanyang anak. Para sa kanyang sarili at sa kanyang anak. Sophia Loren
- Lahat ng kung ano ako ay utang ko sa aking ina. Ipinagpapasalamat ko ang lahat ng tagumpay ko sa buhay sa moral, intelektwal at pisikal na edukasyong natanggap ko mula sa kanya. George Washington
- Naalala ko ang mga panalangin ng aking ina at lagi nila akong sinusundan. Nakakapit sila sa akin buong buhay ko. Abraham Lincoln
- Ang pag-ibig ng ina ay kapayapaan. Hindi ito kinakailangang makuha, hindi ito kinakailangang marapat. Erich Fromm
- Iniibig ng ina ang kanyang mga anak kahit hindi sila karapat-dapat ibigin. Kate Samperi







- May payat, maliit na katawan ang aking ina, ngunit may malaking puso – isang pusong napakalaki na ang ligaya ng lahat ay nakasumpong ng tirahan dito, at giliw. Mark Twain

- Iniibig ko ang aking ina gaya ng pag-ibig ng puno sa tubig at sikat ng araw – tinutulungan ako nitong lumago, managana, at makaabot sa higit pang kataasan. Terri Guillemets

- Nagsimula ang buhay sa paggising at pag-ibig sa mukha ng aking ina. George Elliot

- Ang ina ay ang isa na makahalili sa kahit sino subalit hindi mahahalihan ninuman. Cardinal Mermillod

- Lahat ng babae ay nagiging tulad ng kanila ina. Kakila-kilabot ito. Walang lalaki ang makagagawa nito. Oscar Wilde

- Ang pagiging full-time na ina ay isa sa mga trabaho sa aking larangan na may pinakamataas ang sahod, yamang ang kabayaran ay dalisay na pag-ibig. Mildred B. Vermont

- Sa lahat ng karapatan ng kababaihan, ang pinakadakila ay ang maging isang ina. Lin Yutang

- Pinupuri ko ang walang-hanggang Ama, hindi dahil ginawa Niya silang maganda, kundi dahil binigay Niya ang puso ng isang ina sa kanilang lahat. José Hernández

- Lahat ng kung ano ako at pinangarap na maging, utang ko isa aking napabanal na ina. Walang tao ang magiging dukha kung ang kanyang ina ay isang babae ng pananampalataya. Abraham Lincoln.

- Ina ang pangalan ng Diyos sa puso at bibig ng mga bata. William Thackeray


- Ituro mo sa akin ang mukha ng iyong ina at sasabihin ko sa iyo kung sino ka. Khalil Gibran





### \* Mga ina ng mga Sikat

Mangolekta ng mga ginupit na larawan ng mga karakter, artista, politiko, larawan, atbp., ng mga kilalang tao. Maaari kayong maglaro nang grupo o mga ina at mga anak, ibigay sa bawat grupo ang iba-ibang larawan. Kapag hawak na nila ito, isusulat nila kung ano ang sasabihin ng ina ng karakter na ito kung nakita niya ang larawang iyon sa sandaling iyon. Pagkatapos, ibabahagi nila sa buong grupo ang larawan at kung ano ang sinulat nila.



### \* Hulaan ang mga gulay.

Kumuha ng ilang prutas at gulay ng lahat ng uri at baluting maigi sa palara upang mahalata ang kanilang hugis. Ilagay sila sa isang kahon at takpan ang mga mata ng mga ina. Maaari itong laruin nang pangkatan. Mauuna ang ilan, ilalagay ang kanilang kamay sa loob ng kahon, ilalabas ang gulay at huhulaan nila kung ano ang gulay. Dapat ay may isang pagkakataon lamang sila. Kung hindi mo nahulaan, ang susunod na pangkat naman. Ang pangkat na may pinakamaraming gulay na nahulaan ang siyang panalo. Maaari mong hirapan pa gaya ng sabihin agad kung ano ang lulutuin nila gamit ang mga gulay. Ano ang gagamitin nila sa halip na iyon, atbp.?



### \* Ang Korona ng Reyna.

Gumawa ng isang malaking guhit ng isang reyna na walang korona, walang tungkod at walang kapa. Idikit ito sa dingding sa taas na maaabot ng lahat ang tuktok ng guhit. Kasali sa laro ang mga ina, dapat nilang ilagay nang nakapiring ang nawawalang mga bahagi sa tamang lugar. Bawat bahaging ilalagay nila ay dapat may pandikit upang maidikit ito kung saan nararapat.

## \* Tumayo—Maupo!

Bigyan ang bawat kalahok ng isang numero (maaaring mataglay ng ilang kalahok ang parehong numero). Pagkatapos ay magsabi ng isang kwentong may maraming numero, at ang tao o mga taong may hawak ng gayong numero ay tatayo. Magkwento nang pabilis nang pabilis.

## \* Mga Nawawalang Salita

Matapos ang pagsalubong ay laruin ang larong ito: sa loob ng 3 minuto ay dapat mahanap ng ina at mga anak, ang mas maraming nakatagong salita sa: 'Maligayang Araw ng mga Ina' (lagay, raw, lawa, atbp.) Ang pangkat na makasusulat ng higit na salita ang mananalo. (Sampung nakahandang regalo)

## \* Mga bituin

Kailangan mong gumuhit ng ilang nakulayang bituin sa sahig ng inyong salas, maaari mo silang gawin gamit ang tape o maaari kang gumamit ng papel. Ang ilan ay dapat malaki upang magkasya ang dalawang tao sa loob, ang ilan para sa apat, atbp. Maglagay ng mas kaunting bituin kaysa bilang ng tao. Magmarka ng isang puntong labasan. Pagkabigay mo ng senyas, maghahanap ang lahat ng ina ng isang bituin at tatayo sa loob, bago mo sabihing: Hinto.

Dapat manatiling nakatayo ang lahat ng kalahok at hindi gumagalaw, kung nagalaw nila ng gilid ng isang bituin o nakapasok ang isang paa at nakalabas ang isa, hindi ito mabibilang.

Gaya ng laro ng mga upuan, maaari mong alisin ang mga bituin upang hirapan ang laro. Magkakaroon ka rin ng isang mananalo na siyang magiging bituin ng laro.





## Gawaing-kamay

### \* Aklat - Panluto.

Hindi sila mga karaniwang paraan ng pagluluto at isusulat sila ng mga bata gamit ang sarili nilang kamay. Isusulat nila sila, ngunit sa sarili nilang bersyon, yaon ay, kung ano ang pinaniniwalaan nilang paggawa ng mga ina nila sa paborito nilang pagkain. Magiging nakakatuwa ito na maipahayag ng mga bata ang kanilang mga kaisipan sa pagkain ni Ina. Gumamit ng makukulay na pahina at nakakatuwang pabalat.

\* Maaari kang kumuha ng mga tsinelas o mga tsinelas na may payak na kulay at ipapalamuti sa mga bata sa pamamagitan ng pagdikit ng mga bagay o pagpinta gamit ang mga acrylic. Maaari silang: mga kabibi, makukulay na arka, mga retaso ng tela, mga patpat, mga piraso ng pyeltro, atbp. Maaari mo ring gawin sa mga puting tasa, at mga acrylic o katangi-tanging pintura para sa mga seramiko.

### \* Mga Bulaklak para kay Inay

Mga sangkap:

- Mga tsokolate sa mga kulay at sukat: maliit na sukat para sa gitna nito.
- Puti at rosas para sa mga talulot sa karaniwang sukat.
- sugar glass Triple A at mga patak ng tubig bilang pandikit.
- mga piraso ng panusok - mga transparent na supot
- Palamuting tape

Mga Tagubilin: Ihanda ang pandikit upang idikit ang iyong mga pigura sa isang baso na may kaunting sugar glass at kaunting patak ng tubig. Haluin gamit ang kutsara hanggang lumapot. Magdagdag ng ilang patak ng tubig kung kailangan o higit na sugar glass kung lubhang malabnaw ang iyong pandikit. (Maaari ka ring makakuha ng nakahanda na sa pastelerya) Ilagay sa tubig ang dulo ng panusok at pagkatapos ay ilagos sa kabilang dulo ng kendi, at pagkatapos ang maliit na kendi para sa gitna ng iyong bulaklak. Sa pagitan ng bawat isa ay maglagay ng kaunting pandikit. Mayroon ka nang batayan ng iyong larawan. Ilagay ngayon ang mga tsokolate sa kanan o kaliwa upang buuin ang iyong bulaklak at idikit ito gamit ang pandikit. Patuyuin ito nang saglit at ilagay sa isang supot at isara ito gamit ang laso ng paborito mong kulay.

## \* Mga supot ng tsokolate

Mga materyales:

- Mga piniling retaso at sinulid - Maliliit na tsokolate
- Piling papel

Gumamit ng mga payak na retaso. Gupitin sa ninanais na sukat nang isinasaalang-alang ang espasyo upang maisara ang supot at malagyan ng tape. Isulat ang tekstong iburda gamit ang lapis at gawin ang burda ng mga letra. Tahiin ang dalawang gilid at isara ang supot gamit ang tape. Alisin ang mga tsokolate sa lalagyan at magsulat ng mga parirala ng pag-ibig sa bagong papel. Muling ipakete ang mga ito. Ilagay ito sa loob ng bag at tiyak na masosorpresa mo si inay tuwing kakain siya ng tsokolate.

## \* Mga bulaklak na may karamelo

Mga paleta ng kendi na nakalagay sa púsong papel. Gumamit ng kaunting pandikit at sa loob ng ilang minuto at mayroon ka nang napakatamis at makulay na palumpon ng mga bulaklak. Maaari mo silang ibigay sa pamamagitan ng paglagay sa kanila sa isang maliit na paso, o paggawa ng isang palumpon gamit ang makulay na papel.

## \* Mga papet na puno ng pag-ibig

Ang kailangan mo:

- Mga karton sa gusto mong kulay – Pang-alis ng butas - Gunting
- Panulat - Pandikit – Naidirikit na maliliit na mata

Mga Hakbang: Gumupit ng isang kartong puso at butasan para sa bawat daliri sa ilalim ng puso (dapat kumportableng kakasya ang mga daliri sa mga butas). Palamutian ang puso gamit ang mga panulat, dagdagan ng mukha at sulatan ng mensahe sa likod. Sa huli, idikit ang iyong mga maliliit na mata at hikayatin ang mga batang magbigay ng mga mensahe ng pag-ibig kay Inay.

## \* Mga Napalamutiang Salamin


Isang bagay na hindi mapigilang dalhin araw-araw ni Inay ay ang salamin. Lahat ng sukat at hugis ay mayroon. Maaari kang magdala ng iba't ibang materyales na ipampalamuti ng mga bata. Maaari silang mga kabibi, buhangin, sabitan ng damit, kahoy na patpat, laso, butones, papel, pom, plastik na takip, papel, sticker, atbp.






## Mga Tula

### \* Mga Malinis na Tela



Hinalikan ko kanyang kamay at naamoy ang sabon:  
Nilagay ang akin sa puso.  
Hinalikan ko kanyang kamay nang mabilis  
At bumango aking bibig.  
Malinis na babae, sino'ng gaya mo,  
Gayan ng kamay mong amoy damit na bago.  
Hinalikan ko kulot niyang buhok:  
Kung tulad di'y nilabhang damit!  
Anong pabango ang gamit sa katawan at damit?  
Sa anong dalisay na tubig ka naghuhugas ng mukha?  
Malinis na munting babae, kung ika'y isang inumin  
Puno ng malinaw na tubig. \_Luis Cardoza and Aragon

### \* Mamita



Mamita, mamita kaibig-ibig ka,  
Nakatingin sa bulaklak na bigay ng iyong anak.  
Ngiti, aking marikit na mamita,  
Nakatingin mata ko sa matamis na mukha,  
Tila isang prinsesa, isang tunay na prinsesa  
Nakadamit halimaw, matamis kong mama.  
Inay, salitang pinakamainam.  
Masasabi inay ang salitang pinakamainam  
'Pagkat hindi ko lang binabanggit ang tao  
Nagbigay-buhay sakin, na sa gabing walang tulog  
Laging may ilaw para sa'kin.  
Ito'y pinakamainam na salita mula sa'king tinig  
Kapag may isang bagay na namutawi't hindi inaasahan.  
Hiling lamang na hindi nila burahin sa'king alaala  
Yaong salitang ayaw kong kalimutan. \_Anonimo

\* Acrostic para sa ina

(Mother)

**M**y mom is sweet and special  
**O**pen-hearted and wonderful;  
**T**actful in her daily speech  
**H**er wisdom is a course to teach.  
**E**mblematic of devotion and sacrifice  
**R**are insights and sensible advice  
... -Anonimo

\* Regalo ng “Araw ng mga Ina”

Marikit na Inay,  
Mabuting inay  
Sa araw na ito  
Magalak na damdamin;  
Pumarito upang sabihin  
Labis kitang iniibig  
At bigyan ka ng handog  
Sa awiting ito;  
Hiling sa langit,  
Isang puting bituin,  
Sa lunting parang,  
Humingi ng bulaklak.

Sa tahimik na gabi,  
Sinag ng buwan  
Sa dagat ay perlas  
At trilyong maya.  
Nang mataglay ko lahat,  
Nilapita't hinagkan,  
Ito ang mayroon ako  
At yao'y bigay sa'yo.  
Itatali sa laso  
Ng pag-ibig  
At sa loob, pinakaloob...  
Puso ko'y sa iyo!

-Anonimo





\* *Kinunot mo ako*

Kinunot mo ako sa tiyan  
Sa sinapupunan ng aking ina  
Pinupuri kita, pinupuri kita  
Kinunot mo ako sa iyo ina  
Kamangha-mangha iyong mga gawa //

Pinupuri kita //  
Kinunot mo ako sa aking ina.

Kinunot mo ako sa tiyan  
Sa sinapupunan ng aking ina  
Pinupuri kita, pinupuri kita  
Kinunot mo ako sa aking ina  
-Steve Green

*Mungkahi:*

Mga tulang gaya nito o isinulat ng mga bata, maaaring ilimbag sila at itupi ang papel at ilagay sa isang napalamutiang plato at ibigay sa mga ina pagkapasok nila sa inyong aktibidad. Isang plato at isang tula bawat bata.







## Mga paraan ng pagluluto

### \* Mga tsorisong may spaghetti

'Tinusok' ang mga hilaw na pasta sa mga tsoriso at niluto sa isang karaniwang paraan.

### \* Mga itlog na nilutong hugis - puso

1) Iluto ang itlog.

2) Balatan ang itlog at sundin ang mga hakbang na nakalagay sa larawan sa ibaba hawak ang patpat gamit ang dalawang goma hanggang lumamig ito at magkahugis.

3) Hiwain sa dalawa o higit pang hiwa at ihain. Maaaring pang-almusal o isama sa inyong spaghetti.

### \* Kakatwang mga Prutas

Maghiwa ng isang pakwan sa mga hugis na kasing kakatwa ng mga ito gamit ang isang hugis-bituin na panghiwa o anumang mainam na pigura. Pumili ng piraso ng masarap na pagkaing ito, mainam kung walang buto, gumupit ng bilog hanggang sa magkabilang gilid, at pagbutihin ang pagpapantay ng mga hugis. Pagkatapos ay ihain sila sa isang kapansin-pansing paraan sa isang bandehado o magandang plato at maglagay ng mga kakatwang chopstick upang tusukin ang mga piraso. Magtatagumpay ka! (gumamit ng ibang prutas)





## Sermon

### Ang misyon ng isang Ina

#### Panimula:

Pagod ako! Hindi madali ang gawain ng ina! Naiintindihan ko ang mga anak ko, ngunit sino ang nakakaintindi sa akin? May manwal ba para sa mga ina? Maraming ina ang nagtatanong sa kanilang sarili ng ganito araw-araw. Hindi madali ang kanilang gawain at minsan ay hindi nakakahikayat. Tandaan natin ang misyon ni Maria, ang ina ni Hesus, ano ang natutunan niya sa kanyang gawain bilang ina, maiaaplay natin ito sa mga panahong ito.

### Mga paghihirap na naranasan ni Maria

**1. Isang masamang reputasyon.** Nagkaroon siya ng pagbubuntis nang hindi kinakasal at namuhay sa isang maliit na bayan. Marahil sa iyong nakaraang buhay ay may mga sitwasyong hindi mo maipagmamalaki at nakadarama ka ng tila'y pagkakasala. 2 Corinto 5:17.

**2. Kahirapan. Nanganak si Maria sa isang sabsaban.** Nakararanas tayong lahat ng mahihirap na pagkakataon ngunit ang pag-ibig ay libre. Ibigin ang sarili, iyong mga anak, iyong kapareha at, higit sa lahat, ibigin ang Diyos. Marcos 12:30.

**3. Hinamak ang anak ni Maria.** Mateo 2:13 Hindi lamang nila kinamumuhian ang kanyang anak...nais nilang patayin siya. Sa mga panahong ito ang mga bata ay pinahihirapan pa rin ni Satanas hanggang kamatayan dahil nais niyang nakawin ang inyong mana. Awit 127: 3

Hindi mo lang dapat ingatan ang iyong mga anak, kailangan mo rin silang turuan kung paano depensahan ang kanilang sarili.



**4. Pagkawala ng isang minamahal.** Juan 19:25. Isaias 41:10.

**5. Mga mapagkukunang taglay ni Maria:**

\* Luke 1:30. Babaeng puspos ng biyaya.

\* Luke 1:38. Isang babae ng pangako

\* Luke 1:42. May kaibigan siyang nagmamahal sa kanya.

I Tesalonica 5:11

**Konklusyon:**

Ang gawaing ipinagkatiwala kay Maria ay hindi madali. Kinailangan niyang dumaan sa maraming paghihirap, ngunit ang kanyang gantimpala ay naipakikita sa kanyang anak: Ang Tagapagligtas ng Sanlibutan. At bagama't ikaw at ako ay hindi makapagsisilang sa Tagapagligtas ng Sanlibutan, may magagandang plano ang Diyos sa ating mga buhay. Gaya ni Maria, nararapat dito ang ating pagpupursigi at paggawa.



## Programa

1. Pagsalubong
2. Icebreaker
3. Natatanging mga aktibidad
4. Sermon
5. Panalangin para sa mga Ina
6. Mga tula
7. Mga patimpalak o palaro na may gantimpala
8. Pamimigay ng mga Diploma
9. Pamimigay ng mga gawaing ginawa ng mga bata
10. Pagkain
11. Pagtatapos

Ang  
**Kabataan ay  
Mahalaga**

**Sundan kami sa:**  
Children-are-important  
Los-Ninos-Cuentan

**-Mga konsiyerto  
-Impormasyon  
-Mga kaganapan  
-Mga materyales**

**-Mga ulat  
-Mga gantimpala  
-Mga kaibigan at  
marami pa!**



[www.ChildrenAreImportant.com](http://www.ChildrenAreImportant.com)  
[info@childrenareimportant.com](mailto:info@childrenareimportant.com)  
We are located in Mexico.  
00-52-592-924-9041